

8 Bayshore: Mga Pagpapabuti ng mga Hintuan sa Visitacion Valley



Mas ligtas, mas kumportableng mga hintuan ng bus


Maligayang pagdating sa aming open house para sa 8 Bayshore: Mga Pagpapabuti ng mga Hintuan sa Visitacion Valley. Alamin pa ang tungkol sa proyekto mula sa impormasyong sa mga poster na ito. Pagkatapos, kunin ang survey at ipaalam sa amin ang iyong saloobin.

Iminumungkahi ng proyektong ito na i-upgrade ang pitong hintuan ng bus para sa 8 Bayshore sa iyong kapitbahayan. Palalawakin ng proyekto ang bangketa sa anim na hintuan upang gumawa ng higit pang espasyo para sa mga pasahero ng Muni. Magdaragdag din ito ng island na sakayan at protektadong lane para sa nagbibisikleta sa isang hintuan sa Geneva Avenue.

Mga Layunin ng Proyekto

- Magbigay ng mga mas kumportable at pinabuting hintuan ng bus na may mga mas pinalawak na bangketa
- Pagbutihin ang accessibility sa pamamagitan ng pagpapahintulot ng mga bus na maglabas ng mga rampa sa mga bangketa
- Pagbutihin ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagbawas sa mga distansya ng tawiran at palawakin ang pagkakakita
- Bawasan ang oras ng pagbiyahe ng pampublikong transportasyon sa pamamagitan ng pagbawas ng oras ng pagsakay at pagbaba

Timeline ng Proyekto



Mapa ng proyekto



[SFMTA.com/8VisValley](https://www.sfmta.com/8VisValley)



Paano mapapabuti ng proyekto ang mga hintuan ng bus?

Sa mga ini-upgrade, magkakaroon ng mas higit pang espasyo para sa mga shelter, karatula at pag-iilaw para sa hintuan ng bus. Ang proyektong ito ay maglalagay ng:

- Bagong karatula ng Muni sa bawat hintuan ng bus upang mapabuti ang pagkakakita
- Mga bagong bus shelter sa hanggang apat na hintuan upang mapabuti ang paghihintay, kung pinahihintulutan ng espasyo.
- Solar na mga ilaw sa hintuan ng transit upang mapabuti ang kaligtasan ng mga pasahero na naghihintay ng bus sa gabi, kung pinahihintulutan ng espasyo

Aalisin ba ng proyekto ang paradahan?

Ang proyektong ito ay magpapatayo ng mga “front-door” bulb, na mas maikli kaysa sa mga karaniwang bus bulb na buo ang haba. Ito ay nangangahulugan ng mas kaunting espasyong paradahan ang kakailanganing alisin. Isang espasyong paradahan kada hintuan ang aalisin sa pitong hintuan sa kabuuan.



Humihinto ang Muni bus sa extension ng bangketa.

Ano ang mga bus bulb?

Ang mga bus bulb ay mga lugar katabi ng hintuan ng bus kung saan mas malawak ang bangketa. Ang mga bus bulb ay maaaring:

- Magbigay ng higit pang espasyo para sa mga pasaherong naghihintay
- Gawing mas madali para sa mga pasaherong sumakay at bumaba ng bus nang hindi humahakbang sa pagitan ng mga sasakyan
- Magbigay ng lebel na sakayan sa mga taong gumagamit mga aparato sa pagkilos, kabilang ang mga wheelchair, walker at tungkod




Diagrama ng dalawang iminungkahing extension ng banketa sa intersection ng Visitacion Avenue at Rutland Street. Karagdagang mga guhit ng natitirang bahagi ng maaaring tingnan ang mga intersection sa SFMTA.com/8VisValley.

